# Kontesera

*Paul Joshua Diano Morante*

Noong unang beses akong umuwi nang naka-gown
galing sa isang sinalihang beaucon
sa fiesta ng karatig-barangay,
naabutan kong nanonood si Tatay ng boksing.
Tinitigan niya ko nang mataman, wari kinikilala ang nilalang sa pintuan
na may itim na itim na buhok,
pulang-pulang lipstik, kumikinang na hikaw,
meykap na naghuhumiyaw at koronang parang Eiffel Tower sa taas.
Pinatay niya ang tv at pumasok sa kwarto.

Wala ang inaasahang sigawan
wala ang ikinakatakot na pagtatakwil o pagpapalayas.
Walang lumagabag na pinto
o nabasag na baso o pinggan.
Tahimik na tahimik ang bahay
natakot pati ang butiki sa pagpalatak.

Gabi-gabi,
ganoon ang nakasanayan naming sayaw – darating ako
at aalis siya sa sala. Walang palya.
Hanggang isang gabi ay umuwi akong hulas ang meykap,
sawi ang puso. Galit na galit sa mundo.
Iniwan ng dyowa at luzviminda sa beaucon.
Down na down ang vacla.
Sa hindi inaasahan, dumiretso ng kumidor si Tatay
sinundan ko ng tingin.
Kinuha ang itinabing ulam sa pridyider
ininit at inihain sa mesa. Inaya ako at pinaupo,
tahimik naming pinagsaluhan ang mainit na sinigang.


© BULOSAN CENTER FOR FILIPINO STUDIES